



●Populasyon sa Prepektura

2,009,701 (Nabawasan ng 832 katao)

Lalaki: 974,082 (Nabawasan ng 413 katao)

Babae: 1,035,619 (Nabawasan ng 419 katao)

※Disyembre 1, 2017 hanggang sa kasalukuyan.

※Inihambing sa () ng nakaraang buwan.

Para sa bagong impormasyon, tignan ang homepage ng Gifu Prefectural Statistics Division

Facebook 「清流の国ぎふ」

Kasalukuyang Makikita sa Minamo Dayorin!

岐阜県 ミナモトより

hanapin

Prefectural Government Public Relations TV Program

「Gifu Prefecture Government Hotline」 - Televis

(Palabas) Huwebes 18:53 ~ 18:57

(Replay) Martes 21:54 ~ 21:58

Naghahatid rin ng 「Balita mula sa Prepektura ng Gifu」 sa palabas sa **Gifu Chan** (Channel 8)!

Pindutin ang "d" button para makuha ang lokal na impormasyon!



Marso, 2018

Mga Napiling Kaganapan para sa Buwang Ito

“Sora Haku”/ Air Space Fair

Renewal Open ng Gifu- Kakamigahara Air and Space Museum (kilalang ‘Sora Haku’) sa Marso 24 (Sabado).

Gagawin ang opening memorial fair mula Marso 24~ 31 (Sabado). Ang mga detalye ay makikita sa opisyal na website ng Gifu-Kakamigahara Air and Space Museum.



【Mga Highlight ng Air and Space Museum】

- Tinaguriang pinakamahusay na pasilidad sa bansa bilang espesyal na museo ng aerospace. Ang eksibisyon din ang may pinakamalaking sakop na lugar sa Japan (9,400m²)
- **Mayroong 43 sasakyang panghimpapawid tulad ng aircrafts, spacecrafts, satellites, atbp. na sa eksibit lamang makikita.**
- Mayroong mga programa upang matuto ng paggawa ng eroplanong papel at water rocket.



【Impormasyon sa museo】

- ◆ **Oras ng pagbubukas:**
Weekdays- 10:00~17:00
Weekends at Piyesta Opisyal- 10:00~18:00
- ◆ **Sarado:** tuwing unang Martes ng buwan, at Bagong Taon
- ◆ **Admission Fee:** Adulto ¥800
Senior HS at 60 taong gulang pataas ¥500
Junior HS pababa LIBRE
- ◆ **Para sa Katanungan:**
Aerospace Industry Division
☎ 058-272-8836 (wikang Hapon lamang)
FAX 058-278-2653
- ◆ **Hanaping Salita:** 岐阜かかみがはら航空宇宙博物館

Sentro ng eksibisyon sa Aviation Area

Replica model ng unang sasakyan pinalipad sa Japan- ang ‘Wright Flyer’ at ‘Zerosen Shougoki/Zero Fighter First Model’, at ang restored na ‘Hien’ o Kawasaki Ki-61’ fighter plane.

Sentro ng eksibisyon sa Space Area

Ang aktwal na Japanese Experiment Module na ‘Kibo’, ang pinakabagong asteroid explorer na ‘Hayabusa 2’ at ang replica model ng Mars probe “Curiosity”.

Kahon ng Impormasyon

Impormasyon Kurso upang Suportahan ang mga Biktima ng Sekswal na Karahasan/ Sexual Violence

Ang mga biktima ng sekswal na karahasan ay may pinagdadaanan paghihirap hindi lamang kaagad pagkatapos ng pinsala kundi pati na rin makalipas ang mahabang panahon. Dahil dito, magsasagawa ng kurso upang palalimin ang pag-unawa sa mga biktima at pag-isipan ang suportang magagawa.

- **Petsa** : Marso 12 (Lunes) 13:30~15:30
- **Lugar** : OKB Fureai Kaikan (Gifu-shi)
- **Kapasidad** : 120 katao (first come, first served)
- **Bayad** : LIBRE
- **Paraan ng Aplikasyon** : Telepono, FAX o Mail
- **Deadline ng Aplikasyon** : hanggang Marso 8 (Huwebes)
- **Para sa Aplikasyon at Katanungan** : Gifu Crime Victim Support Center
☎058-275-3933 (tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX: 058-213-3933 e-mail: jimmu@gifu-vsc.org
- **Hanaping Salita**: ぎふ性暴力被害者支援センター

Impormasyon Kung nagbago ng Lungsod na Tinitirhan, Alalahanin i- update ang National Health Insurance

Sa pagrebisa ng pambansang sistema ng segurong pangkalusugan, ang prepektura ay maidadagdag bilang health insurer mula Abril 1. Ayon sa pagbabagong ito, kung lumipat sa ibang munisipalidad ng Gifu Prefecture, magpapatuloy ang inyong kwalipikasyon. Ngunit upang mabigyan ng bagong sertipiko, kailangan gawin ang naaangkop na proseso sa lilipatang munisipalidad.

Ang pagbayad sa premium ng insurance (mga buwis), at tanggapan ng aplikasyon at notipikasyon ng serbisyo ay magpapatuloy na gagawin sa munisipyo kung saan kayo nakatira.

- **Reception Counter** : sa National Health Insurance counter ng inyong munisipyo
- **Prefectural In-charge Section** : Gifu Medical Institutions Management Division
National Health Insurance Office
☎058-272-8434 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

Impormasyon Umpisa ng Pagpapatala ng Sariling bahay upang maging Lodging Home

Nagbibigay na ng mga patakaran sa negosyo para sa mga pribadong bahay na ginagawang lodging homes ayon sa batas pabahay. Magsisimula itong ipatutupad sa Hunyo 15 (Biyernes), ngunit ang pagtanggap ng aplikasyon ay magsisimula mula Marso 15 (Lunes)

Para sa mga pamamaraan at mga kinakailangang dokumento, mangyaring makipag-ugnay sa ibaba o hanapin sa website.

- **Katanungan**: Prefectural Public Hygiene Division ☎058-272-8281 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
o pinakamalapit na Health Center
- **Hanaping Salita**: 岐阜県 民泊

Impormasyon "tomon Art Festival ~ Hana Saku, Hare!~"

Eksibisyon ng mga artist at *art bruts* sa loob at labas ng prefecture na nagpapahayag ng mga aktibidad habang may mga kapansanan, ipapakita din ang mga aktibidad ng mga organisasyon sa prepektura na kasangkot sa mga gawaing sining. Magsasagawa din ng mga palabas at mga workshop sa pamamagitan ng mga artist, kung kaya't inaanyayahan lahat na dumalo.

- **Petsa** : Marso 17 (Sabado) at 18 (Linggo) 10:00~17:00
- **Lugar** : Gifu Seiryu Bunka Plaza (Gifu-shi)
- **Bayad** : LIBRE (hindi kinakailangan ng aplikasyon)
- **Para sa Katanungan**: Gifu Foundation for Education and Culture
☎058-233-8164 (tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX 058-233-5811
- **Hanaping Salita**: ぎふ清流文化プラザ文化振興事業

Impormasyon Huwag kalimutang baguhin ang inyong mga detalye sa My Number Card kapag Lumipat

Ang 12-digit na personal na numero ay hindi magbabago kahit lumipat, ngunit kinakailangan isulat ang bagong address sa inyong "My number card" o "notification card". Pagpunta sa bagong munisipyo para sa pagpalit ng tirahan, huwag kalimutan dalhin ang inyong my number card o notification card.

- **Para sa Katanungan**: Individual Number Card Call Center
☎0120-95-0178 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
- **Hanaping Salita**: マイナンバーカード総合サイト

Ang impormasyong ito ay para sa kasalukuyan ng Enero 26, 2018.

Para sa katanungan sa mga impormasyong nasa itaas, makipag-ugnayan sa:

Gifu Ken Public Relations Division ☎058-272-1111 (Dir. Ln.) (tumutugon sa wikang Hapon lamang) **FAX** 058-278-2506
Sa pakikipagtulungan ng: **Gifu International Center** <http://www.gic.or.jp>